



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Setyembre 29, 2021

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann - 415.760.0285

Distrito ng Hangin, nakipagkasundo ang kasong kinasasangkutan ng Tesoro Refining & Marketing Company

Magbabayad ang refinery ng \$2,227,000 para sa mga paglabag kaugnay sa kalidad ng hangin

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ngayong araw ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) na pumayag ang Tesoro Refining & Marketing Company na magbayad ng \$2,227,000 para maayos ang mga paglabag sa refinery nito sa Martinez.

Sinasaklaw ng kasunduang ito ang 58 na Paunawa ng Paglabag na ibinaba para sa mga paglabag kaugnay sa kalidad ng hangin sa Golden Eagle Refinery mula 2014 hanggang 2018.

“Inaasahan ng at karapat-dapat sa mga residente ng Bay Area ang paglanghap ng malinis na hangin,” ayon kay Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Ipinapakita ng kasunduan na ito ang pangako ng Distrito ng Hangin sa pagpapatupad ng mga regulasyon ng air quality at pagtiyak na patuloy na sinusunod ng mga refinery ang lahat ng pang-estado, lokal, at pederal na kundisyon sa permit para protektahan ang kalusugan ng ating mga komunidad.”

Kasama sa mga paglabag na tinutugunan sa kasunduang ito ang:

- Ang turnaround flaring event noong 2014, kung saan nagkaroon ng sunod-sunod na flaring sa 55 araw na turnaround ng Tesoro, na lumalabag sa maraming regulasyon ng Distrito ng Hangin at pederal na pamahalaan, ay nagdulot ng matinding emisyon ng organic na compound, hydrogen sulfide, sulfur dioxide, at methane
- Iba't ibang paglabag sa pagbibigay ng permit
- Kasama sa iba't ibang paglabag sa labis na emisyon ang mga pagtagas ng vapor sa crude, na nagdulot ng mga labis na emisyon ng volatile organic na compound, isyu kontrol ng emisyon sa gas turbine at furnace nitrogen oxide, hindi matagumpay na pagsusuri ng pinagmumulan, mga gap at iba pang tagas sa selyo ng tanke, paglabag sa kontrol sa sulfur dioxide, at nakikitang emisyon
- Pagpapanatili ng talaan, pagsubaybay, at pag-uulat ng mga paglabag

Ang lahat ng paglabag na humantong sa pakikipag-areglo na ito ay naitama na.

Nagbibigay ang Distrito ng Hangin ng Mga Paunawa ng Paglabag kapag nilalabag ng mga pasilidad ang partikular na regulasyon o tuntunin sa kalidad ng hangin. Ang mga lumalabag ay karaniwang kailangang tumugon sa paunawa sa loob ng 10 araw at magsumite ng paglalarawan ng mga aksyon na gagawin nila para itama ang problema. Maaaring kasama sa mga aksyon na ito ang agarang pagpapatigil ng ilang operasyon o pagbabago ng mga operasyon o kagamitan para sumunod.

Ang lahat ng pondo mula sa pag-aayos ay gagamitin para pondohan ang mga aktibidad ng Distrito ng Hangin tulad ng inspeksyon at pagpapatupad ng mga aktibidad na humantong sa pag-aayos na ito.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

*Distrito ng Hangin Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)*